
3

# Filipino

## Unang Markahan – Modyul 2: Paggamit ng Naunang Kaalaman o Karanasan sa Pag-unawa ng Napakinggang Teksto




ALTERNATIVE DELIVERY MODE

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Filipino – Ikatlong Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Unang Markahan – Modyul 2: Paggamit ng Naunang Kaalaman o Karanasan sa Pag-unawa ng Napakinggang Teksto**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Helen A. Bustamante, Merry Jean A. De Asis

**Editor:** Cristy S. Agudera, Lorna C. Ragos

**Tagasuri:** Ame Grace I. Pamongcales at Christopher U. Gonzales

**Tagawasto:** April T. Delos Santos

**Tagaguhit at Tagalapat:** Reygean Joyce B. Canlas at Jecson L. Oafallas

**Tagapamahala:** Evelyn R. Fetalvero, Josephine L. Fadul, Janette G. Veloso, Christine C. Bagacay, Analiza C. Almazan, Lorna C. Ragos, Ma. Cielo D. Estrada, Cristy S. Agudera, Mary Jane M. Mejorada, Alma D. Mercado

**Inilimbag sa Pilipinas ng** _______________________

**Department of Education – Region XI**

Office Address: F. Torres St., Davao City

Telefax: (082) 291-1665; (082) 221-6147

E-mail Address: region11@deped.gov.ph * lrms.regionxi@deped.gov.ph

3

# Filipino

## Unang Markahan – Modyul 2: Paggamit ng Naunang Kaalaman o Karanasan sa Pag-unawa ng Napakinggang Teksto

DEPARTMENT OF EDUCATION

# Paunang Salita

## Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Filipino – Ikatlong Baitang ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling **Pagggamit ng Naunang Kaalaman o Karanasan sa Pag-unawa ng Napakinggan Teksto!**

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pampubliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

**Para sa mag-aaral:**

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Filipino – Ikatlong Baitang ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul ukol sa **Pagggamit ng Naunang Kaalaman o Karanasan sa Pag-unawa ng Napakinggan Teksto!**

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

| | |
|---|---|
| *Alamin* | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |
| *Subukin* | Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul. |
| *Balikan* | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |
| *Tuklasin* | Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon. |

*Suriin*

Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan.

*Pagyamanin*

Binubuo ito ng mga gawaing para sa mapatnubay at malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul.

*Isaisip*

Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin.

*Isagawa*

Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay.

*Tayahin*

Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi.

| | |
|---|---|
| *Karagdagang Gawain* | Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin. |
| *Susi sa Pagwawasto* | Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul. |

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

| | |
|---|---|
| *Sanggunian* | Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito. |

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!

## Alamin

Kumusta ka na?

Ako'y lubos na nasisiyahan dahil napagtagumpayan mo ang naunang gawain!

Sa araling ito, susukatin ang iyong kakayahan sa pakikinig. Magpatulong ka sa iyong kapamilya para basahin ang mga teksto o kuwento. Maaari ring humingi ng gabay sa pakikinig ng teksto sa kamag-anak na nakatira o malapit sa inyong bahay tulad ng iyong tiya at tiyo.

Sa modyul na ito, matututuhan mong gamitin ang naunang kaalaman o karanasan sa pag-unawa ng napakinggang teksto.

May mga gawain akong inihanda para sa iyo upang mahasa ang iyong kaalaman tungkol dito. Basahin mong mabuti ang panuto sa bawat bahagi at isulat ang iyong mga sagot sa sagutang papel.

Pagkatapos ng modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

- nakagagamit ng naunang kaalaman o karanasan sa pag-unawa ng napakinggang teksto(F3PN-Ib-2).

# Subukin

Kilalanin ang mga taong tinutukoy sa bawat bilang batay sa iyong naunang kaalaman o karanasan sa pamilya.

Piliin mula sa kahon ang tamang sagot at isulat ito sa sagutang papel.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| ate | ama | ina | kuya | bunso |

__________ 1. Masayahing bata si Lito. Ginagawa niya ang pagtulong sa kaniyang ama nang may ngiti sa kaniyang labi.

__________2. Si Mar ay masunuring bata. Sinusunod niya ang mga payo at utos ng kaniyang magulang at nakatatandang kapatid.

__________3. Si Mara ay masipag na bata. Tumutulong siya sa mga gawaing bahay tulad ng pagluluto, paglalaba at pag-aalaga ng bunsong kapatid.

__________ 4. Si Mang Lino ang haligi ng tahanan. Naghahanapbuhay siya upang mabigyan ng magandang buhay ang kaniyang pamilya.

__________5. Si Aling Nita ang ilaw ng tahanan. Siya ay nangangasiwa sa mga gawain upang maging maayos at magkakaintindihan ang buong pamilya.

Aralin 1

# Paggamit ng Naunang Kaalaman o Karanasan sa Pag-unawa ng Napakinggang Teksto

## *Balikan*

Punan mo ng wastong pangngalan ang sumusunod na pahayag. Isulat ang letra ng iyong sagot.

1. Si Bb. Helen Cruz ay isang __________ na nagtuturo sa paaralan.

    a. karpintero        b. upuan        c. guro

2. Pumunta si nanay sa __________________.

    a. baso

    b. palengke

    c. Aling Nina

3. Mabait si _________________ sa kaniyang kaklase.

    a. aso        b. Berto        c. rosas

4. Presko ang hangin sa _________________.

    a. unan        b. bukid        c. palengke

5. Mabango ang _________________ na sampaguita.

    a. pabango        b. bulaklak        c. simbahan

## Tuklasin

Pakinggan ang tekstong babasahin ng iyong kapamilya sa pahina 11 o i-play ang naka-record na tekstong binasa ng guro. Sagutin mo ang sumusunod na tanong. Isulat ang letra ng iyong sagot.

1. Ano ang pamagat ng tekstong napakinggan?
   a. Ang Pamilya
   b. Ang Aming Pamilya
   c. Ang Pamilyang Nagkakaisa

2. Sino-sino ang bumubuo ng pamilya?
   a. nanay at tatay
   b. nanay, tatay at ate
   c. nanay, tatay, ate, kuya at bunso

3. Paano itinuturo ng mga magulang ang pananalig sa Diyos?
   a. Nagtutulungan sila.
   b. Sila ay nagmamahalan.
   c. Sama-sama silang nagsisimba at nagdarasal.

4. Bakit nalalampasan ng pamilya ang bawat problema ayon sa teksto?
   a. Nakikinig sila sa bawat isa.
   b. Nag-uusap sila kapag may problema.
   c. Nagkakaisa sila at nananalig sa Puong Maykapal.

5. Sa iyong palagay, bakit mahalaga ang pagkakaisa ng pamilya?
   Mahalaga ang pagkakaisa ng pamilya upang maging ______.
   a. magulo
   b. malungkot
   c. mapayapa

# Suriin

Sa pakikinig ng teksto, mas mauunawaan mo ang ideya nito kung iyong gagamitin ang naunang kaalaman at karanasan mo.

# Pagyamanin

Gawain A

Sa tulong ng nakatatanda sa iyo, pakinggan mo ang tekstong kaniyang babasahin sa pahina 12 at sagutin ang mga tanong tungkol dito. Isulat ang titik ng iyong sagot.

1. Ano ang CoVid-19 batay sa tekstong napakinggan?
   a. masamang kaaway
   b. simpleng karamdaman
   c. nakahahawang karamdaman

2. Sino-sino ang maaaring mahawahan nito?
   a. mga bata
   b. mga matatanda
   c. mga bata at matatanda

3. Ano ang nabanggit sa teksto na dapat gawin upang maiwasan ang CoVid-19?
   a. lumabas ng bahay
   b. manatili sa loob ng bahay
   c. makipaglaro sa mga kaibigan

4. Bakit kailangang manatili sa loob ng inyong bahay ayon sa tekstong napakinggan?
   Upang _____________.
   a. magkaroon ng panahon sa pamilya.
   b. maging maayos at malinis ang loob ng bahay.
   c. maging ligtas at hindi mahawahan ng sakit na CoVid-19.


5. Sa palagay mo, ano pa ang maaaring gawin upang maiwasan ang CoVid-19?
   a. Palaging maghugas ng kamay.
   b. Makipagkamay sa mga kaibigan.
   c. Makisalamuha sa ibang mga tao.

Gawain B

Pagtambalin ang mga hakbang sa pag-iwas sa CoVid-19 na nasa Hanay A sa mga larawang nasa Banay B. Isulat ang titik ng iyong sagot.

A | B


1. Iwasan ang matataong lugar.

a. 


2. Magsuot ng **protective face mask**.

b. 

3. Hugasan ng palagi ang mga kamay.

c. 

4. Panatilihin ang isang metrong distansiya sa kapuwa-tao.

d. 

5. Takpan ang bibig kapag umuubo at bumabahing.

e. 

# Isaisip

Punan ang mga patlang upang mabuo ang kaisipan.




# Isagawa

Pakinggan ang tekstong babasahin ng iyong kapamilya sa pahina 11 o i-play ang naka-record na tekstong binasa ng guro. Sagutin mo ang sumusunod na tanong. Isulat ang titik ng iyong sagot.

1. Sino ang pangalawang anak nina Aling Nita at Mang Karding na tumutulong sa pagluluto at paglalaba?

    a. Ben
    b. Nelo
    c. Mina

2. Ano ang ginagawa ni Ben bilang bunsong anak?
   a. nagluluto ng pagkain
   b. nagliligpit ng hinihigaan
   c. naglalaba ng mga damit

3. Si Mina ay tumutulong sa kaniyang ina sa pagluluto at paglalaba. Paano mo mailalarawan si Mina?

   a.mahiyain
   b.mayabang
   c.matulungin

4. Tuwing umaga, ginagampanan ni Nelo ang pag-aalaga ng kanilang mga alagang hayop. Natutuwa siya habang ginagawa ito lalo na kapag kasama ang kaniyang ama.
.
   Tulad ni Nelo, bakit kailangang gampanan mo ang iyong tungkulin sa tahanan?
   a. para maging sikat sa pamilya.
   b. dahil pinilit nina nanay at tatay
   c. upang matuto at lumaking responsableng bata

5. Si Ben ang tagaligpit ng mga laruang nakakalat sa kanilang bahay. Natutuwa siya kapag malinis ito.
   Ginagawa mo rin ba sa inyong bahay ang ginagawa ni Ben? Bakit?
   a. Hindi, dahil nakakapagod.
   b. Oo, dahil binibigyan ako ni nanay ng pera pagkatapos.
   c. Oo, dahil magandang tingnan ang malinis at maayos na tahanan.

# *Tayahin*

Pakinggan ang tekstong babasahin ng iyong kapamilya sa pahina 12 o i-play ang naka-record na tekstong binasa ng guro. Sagutin ang mga tanong sa ibaba.

Mga Tanong:

1. Ano ang pamagat ng teksto?
2. Ilang basong tubig ang kailangang inumin araw-araw?
3. Bakit mahalaga ang tubig sa ating buhay?
4. Sa iyong palagay, ano ang mangyayari kung kulang ang iniinom nating tubig?
5. Kung aanyayahan ka ng iyong kaibigan na uminom ng softdrink, ano ang gagawin mo?

# Karagdagang Gawain

Pakinggan ang tekstong babasahin ng iyong kapamilya sa pahina 13 o i-play ang naka-record na tekstong binasa ng guro. Pagkatapos ay isagawa ang gawaing nasa ibaba.

Punan ang patlang ng bawat bilang upang mabuo ang pangungusap batay sa napakinggang teksto.

1. Si Raprap ay isang batang __________.
2. Tinuturuan ni Raprap si _________ na bumasa.
3. Ang pangarap niya ay magiging isang __________.
4. Tinaguriang ___________ si Raprap dahil sa kaniyang magandang ginawa.
5. Natutuwa ang guro niyang si __________ sa ipinakita ng kaniyang mag-aaral.

(Tuklasin)

## Ang Pamilyang Nagkakaisa

*Sinulat ni: Helen A. Bustamante*

Masaya ang aming pamilya. Araw-araw, ipinaparamdam nina nanay at tatay ang pagmamahal nila sa aming magkakapatid. Tinuturuan nila kami ng magagandang asal lalong-lalo na ang pananalig at pagmamahal sa Diyos. Sama-sama kaming nagsisimba at nagdarasal. "Mahalin ninyo ang Diyos at gawin ang mabuti sa kapwa," iyan ang palaging bilin nila sa amin.

Lumaki kaming may malasakit sa isa't isa. Nagtutulungan kami sa anumang gawain sa aming tahanan. Kapag nahihirapan ako, nariyan palagi sina ate at kuya upang ako'y alalayan. Ang bawat problema ay aming nalalampasan dahil kami ay nagkakaisa at nananalig sa Poong Maykapal.

(Isagawa)

## Tungkulin sa Tahanan

Sinulat ni: Helen A. Bustamante

Maraming natutuwa sa pamilya nina Aling Nita at Mang Karding. Napalaki kasi nila ang kanilang tatlong mga anak nang mabuti. Sila ay mababait at masisipag na minana nila sa kanilang mga magulang.

Si Nelo ang panganay nilang anak. Siya ang katuwang ng kaniyang ama sa pag-aalaga ng kanilang mga alagang hayop. Si Mina ang nagdidilig ng kanilang mga halaman at tumutulong sa kaniyang ina sa pagluluto at paglalaba. Ang bunso namang si Ben ang nagliligpit ng kanilang hinihigaan at mga laruang nakakalat. Natutuwa siya kapag malinis ang kanilang bahay.

Ang pamilya nila ay tinaguriang modelong pamilya dahil sa ipinakitang pagtutulungan at kasipagan sa paggawa ng mga tungkulin sa kanilang tahanan.

(Pagyamanin)

CoVid-19

*Sinulat ni: Helen A. Bustamante*

CoVid 19 ang kaniyang pangalan
Isang nakahahawang karamdaman
Sa pag-ubo at pagbahing na paraan
Kaya lahat siya ay iniiwasan.
.

Alagad ng kalusugan ay gumawa ng hakbang
Pagpapanatili sa loob ng bahay ay ipinaalam
Upang mga tao'y ligtas at hindi mahawahan
Nang sa gayon, CoVid-19 mawala nang tuluyan.

(Tayahin)

Ang Kahalagahan ng Tubig

*Sinulat ni: Helen A. Bustamante*

Lubhang napakahalaga ng tubig sa buhay ng bawat isa. Kung wala ito, posibleng walang mabubuhay sa mundo. Kaya naman, palaging pinapaalala sa atin ng ating mga magulang at mga alagad ng kalusugan na kailangang uminom ng walong basong tubig araw-araw.

Maraming mahahalagang maidudulot ang tubig sa ating katawan. Kabilang na rito ang pagtunaw ng ating mga kinain, sirkulasyon ng ating dugo at maging pagmementena ng temperatura ng ating katawan. Kaya, ugaliin nating uminon ng walong basong tubig araw-araw para sa ating malinis at magandang pangangatawan.

(Karagdagang Gawain)

## Pangarap ni Raprap

*Sinulat ni: Helen A. Bustamante*

Isa si Raprap sa mga mag-aaral na nasa ikatlong baitang. Matalino siyang bata. Iyan ang napapansin ni Gng. Lorna Santos na kaniyang tagapayo. Tuwing tanghali, may inilalaan siyang oras para turuan niyang magbasa ang kaniyang kaklase na si Gab.

"Ginang Santos, maaari po bang humiram ng pinapabasa mong aklat kay Gab," ang sabi ni Raprap sabay akbay kay Gab papalabas ng silid aralan.

Isang hapon, bago mag-uwian, "Rap, natutuwa akong tinuturuan mong magbasa si Gab", sambit ni Ginang Santos.

"Gusto ko po kasi kayong tulungan upang matutong bumasa si Gab at pangarap ko pong paglaki ko ay magiging katulad mo po ma'am, isang guro", sagot ni Raprap. Masaya at napaluha ang guro sa kaniyang narinig. Mula noon, si Raprap ay tinaguriang **little teacher** sa kanilang klase.

# Susi sa Pagwawasto

| Subukin | Balikan | Tuklasin |
|---|---|---|
| 1. kuya | 1. c | 1. c |
| 2. bunso | 2. b | 2. c |
| 3. ate | 3. b | 3. c |
| 4. ama | 4. b | 4. c |
| 5. ina | 5. b | 5. c. |

| Pagyamanin I. | Pagyamanin II. | Isaisip | Isagawa |
|---|---|---|---|
| 1. c | 1. b | kaalaman | 1. c |
| 2. c | 2. a | karanasan | 2. b |
| 3. b | 3. c | | 3. c |
| 4. c | 4. d | | 4. c |
| 5. a | 5. e | | 5. c |

**Tayahin**
1. Ang Kahalagahan ng Tubig
2. Walong basong tubig
3. Mahalaga ang tubig upang mabuhay nang may malinis at malusog na pangangatawan.
4. Kung kulang ang iniinom na tubig ay maaaring magkasakit.
5. Hindi ako iinom ng softdrink kasi hindi ito nakatutulong sa aking katawan.

**Karagdagang Gawain**
1. matalino
2. Gab
3. guro
4. Little Teacher
5. Gng. Santos

# *Sanggunian*

*K to 12 Filipino Gabay Pangkurikulum sa Filipino*. Department of Education 2016, 45-66

*K to 12 Most Essential Learning Competencies for Filipino Grade 3*. Department of Education Curriculum and Instruction Strand 2020, 150-153

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph